

# Dalumat sa karanasan at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mga balitang politikal ng mga samahang pangkabataan

Galdonez, Dominic Patric ✉

Philippine Science High School-Ilocos Region Campus, Philippines ([galdonezdg@irc.pshs.edu.ph](mailto:galdonezdg@irc.pshs.edu.ph))

Doctolero, Carlos Jaimel

Manuel, Amy Josiphia

Remigio, Aliah Crizzel

Sacayanan, Jadon

Sagun, Marco Jones

Torio, Rhyne Chester



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 1 August 2022

Revised: 10 September 2022

Accepted: 4 October 2022

Available Online: 20 October 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b003

## Abstract

Months before the May 2022 elections in the Philippines, many youth organizations published Filipino news articles about the presidential elections and the candidates running for different government positions. These articles inform the people about the elections and shape their opinions on the different candidates. This study used the mixed-method approach to measure the level of reading comprehension and experiences of students in reading Filipino news articles about the 2022 elections published by youth organizations and analyze the content of the said articles. A total of eighty (80) students from Philippine Science High School - Ilocos Region Campus were randomly selected to read a Filipino news article about the 2022 elections published by Explained PH and AsinBolo. The identified students were then asked to answer a questionnaire to measure their reading comprehension after reading the two articles; selected students were interviewed. The content analysis revealed that the article published by AsinBolo followed the inverted pyramid structure and used simple words in the headlines while the article published by Explained PH followed the narrative structure and often used direct and indirect quotations. Furthermore, the results indicate that the students were able to clearly understand the articles and that the reading comprehension between age and sex were not significantly different for both articles. However, there was a significant difference in the reading comprehension between different religions for the article published by AsinBolo. Finally, the thematic analysis revealed that there are six (6) factors that affected the reading comprehension of students in reading the Filipino news articles about the elections: word difficulty, familiarity with reading Filipino articles, organization of ideas, content length, current knowledge on politics, and the use of context clues.

**Keywords:** reading comprehension, political news articles, elections, youth organizations

## **Dalumat sa karanasan at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mga balitang politikal ng mga samahang pangkabataan**

### **1. Introduksiyon**

**Mga Balitang Politikal** - Sa panahon ngayon kung saan mas yumabong na ang paggamit ng internet, karamihan sa mga Pilipino ang nakadepende sa mga balitang nakikita sa social media at sa mga website upang alamin ang iba't ibang isyung panlipunan. Ang GMA News Online, ABS-CBN News Online, at Philippine Daily Inquirer ay ang mga karaniwang pahayagang binabasa ng mga Pilipino (Newman et al., 2021). Ayon sa pag-aaral ni Ulla (2021), nagbabasa ang mga Pilipino ng balita upang malaman ang iba't ibang pangyayari sa bansa lalo na pagdating sa politika, dahil dito sila nagkakaroon ng idea kung sino ang iboboto nila sa eleksiyon. Mahalagang suriin din ang mga nilalaman ng mga balitang Filipino na may kinalaman sa politika dahil bukod sa nagbibigay ang mga ito ng impormasyon tungkol sa estado ng bansa, nakaaapekto ito sa mga pananaw ng tao pagdating sa mga isyung politikal. Batay sa pag-aaral nina Montejo at Adriano (2018), karamihan sa mga *headlines* ng mga balita ay gumagamit ng pandiwa na nasa aspektong imperpektibo o pangkasalukuyan upang magmukhang mas bago ang mga balita. May mga *headlines* din na mapanlinlang at nagpapakita na may kinikilingang panig. Batay naman sa pag-aaral nina Mendoza at Panao (2021), isinasaalang-alang ng mga manunulat ang mga implikasyon ng mga balita sa politika at ekonomiya ng bansa.

**Mga Samahang Pangkabataan** - Marami ring mga samahan ang naglulunsad at nagsusulat ng mga balita alinsunod sa mga idea tungkol sa eleksiyon. Ang samahang pangkabataan ay matagal nang nagsisilbi bilang isang mahalagang salik sa pag-unlad ng pamayanan sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga sibikong samahan at panlipunan. Dahil sa kanilang pakikibahagi, malaki ang naitutulong nila sa kamalayan at pag-unlad ng lipunan. Isang partikular na halimbawa ng kanilang gawain ay ang pagsusulat at pagpapahayag ng balita tungkol sa paaralan, politika, at iba pa (Cubillas & Cubillas, 2018; Lucidi et al., 2015). Sa tulong ng mga balitang ito, nilalayan ng mga kabataan na itaas ang kamalayan ng mga tao tungkol sa mga isyung mahalaga at maaaring makaaapekto sa kanila at lipunan. Dagdag pa rito, ang mga balitang sinusulat ng mga kabataan ay maaaring pumukaw ng atensiyon sa mga mahahalagang isyu na hindi gaanong pinag-uusapan (Neely, 2015). Malaki ang ambag ng mga samahang pangkabataan sa paglinang ng kakayahan at kamalayan ng sambayanan lalo na sa kanilang mga kapwa kabataan na siyang sanligan at pag-asa ng bayan. Dulot ding kabutihan ang pagkakaroon ng ganitong mga gawain ang pagpapakita sa tunay na sitwasyon ng lipunan, ang pagbuhay sa kamalayan na umaayon sa mga isyung kinakaharap ng lipunan, at ang pagpapatingkad at pagpapaunlad ng mga solusyon sa mga kinahaharap na problema ng sambayanan.

**Antas ng Pang-unawa sa Pagbabasa** - Para sa mga manunulat, kinakailangang maintindihan nang maayos ang mga balita para higit na tangkilikin ang mga ito ng mga mambabasa. Ayon kina Tanaka et al. (2013), ang comprehensibility ay tumutukoy sa kadalian ng pag-unawa ng dokumento na kaiba rin sa readability na tumutukoy naman sa kadalian ng pagbasa ng nito. Dahil dito, tinutukoy na ang kadalian ng pag-unawa ay nakatuon sa mambabasa habang ang kadalian ng pagbasa ay mas nakatuon sa mismong teksto (Vergara at Ballesterio-Lintao, 2020). Gayunpaman, ayon kina Berg et al. (2016) kinakailangang suriin ang comprehensibility ng mga artikulo upang malaman kung mabisa ba ang mga itong pagkunan ng impormasyon lalo na kung para sa mga mag-aaral at tungkol sa mga mahahalagang pangyayaring politikal ng isang bansa. May mga pag-aaral nang sumuri sa comprehensibility ng mga balita sa mga sikat na news website sa Pilipinas ngunit sa kasalukuyan, iilan lamang ang mga pananaliksik na sumuri sa mga balitang politikal na isinulat ng mga samahang pangkabataan na nasusulat sa wikang Filipino.

Isa sa mga teorya na nagpapaliwanag kung paano naiintindihan ng mambabasa ang teksto ay ang construction-integration model ni Kintsch (1988) kung saan inuugnay ng mambabasa ang mga nakuha niyang impormasyon at idea sa teksto. Ang ugnayang ito ay maaaring maimpluwensiyahan din ng sariling kaalaman ng

mambabasa (Wharton at Kintsch, 1991). Gamit ang nabuong ugnayan, magkakaroon ng mambabasa ng sarili niyang interpretasyon o pagkakaintindi sa teksto. Dahil dito, ang mga iba't ibang katangiang pangwika tulad ng haba ng mga pangungusap at mga salitang ginamit ay makaaapekto sa comprehensibility ng isang balita.

Maraming na ring mga pananaliksik ang nag-aral sa comprehensibility ng ilang balita lalo na ang mga nakalathalang elektronik. Isa na rito ang naging pag-aaral nina Marasigan at Ballesteros-Lintao (2020) kung saan inimbetigahan nila ang presentasyon at comprehensibility ng mga balita tungkol sa Free Tuition Law and TRAIN Law. Sa kanilang pag-aaral, hindi sapat ang mga impormasyong nakalagay sa mga balita upang maunawaan ang batas dahil karamihan sa mga balita ay naglalaman ng mga isyu atas at hindi ang mga detalyeng tungkol mismo sa batas. Dagdag pa rito, may mga salita tulad ng veto na hindi madaling maunawaan ng karamihan ng mga pangkaraniwang mambabasa.

Dahil sa mga patotoo at kaugnay na mga literatura, tinangka ng pananaliksik na ito na pag-aralan ang karanasan at pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa mga artikulong naglalaman o pumapaksa tungkol sa halalan sa Pilipinas noong 2022. Sinikap ring malaman at masuri kung gaano kadaling intindihin ang mga balitang natutungkol sa politika. Dagdag pa rito, magiging gabay rin ang pag-aaral na ito sa mga samahang pangkabataan at pahayagan upang pagbutihin ang pagsusulat ng mga balitang nasusulat sa wikang Filipino na mas madaling maintindihan at maunawaan ng pangkaraniwang mamamayang Pilipino.

### *1.1 Pagpapahayag ng Suliranin*

Nilayong alamin at suriin ng pag-aaral ang karanasan at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Philippine Science High School-Ilocos Region Campus sa panuruang taong 2021-2022 sa mga balitang politikal na isinulat sa wikang Filipino na inilathala ng mga samahang pangkabataan. Sinikap ding sagutin ang mga ispesipikong tanong:

- Ano ang pagkakakilanlan ng mga samahang pangkabataan na naglathala ng mga balita o artikulong politikal?
- Anong mga piling balita o artikulong politikal na inilathala ng mga samahang pangkabataan ang sinuri sa pag-aaral?
- Ano ang demograpikong pagkakakilanlan ng mga mag-aaral na kasangkot sa pag-aaral batay sa: edad, kasarian, at relihiyon?
- Ano ang antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral sa nilalaman ng mga balita o artikulong politikal na inilathala ng mga samahang pangkabataan?
- May makabuluhang ugnayan ba ang antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral sa mga balitang politikal na inilathala ng mga samahang pangkabataan sa kanilang edad; kasarian; at relihiyon?
- Ano ang mga salik na nakaaapekto sa mataas at mahinang pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral sa mga piling balita o artikulong politikal na inilathala ng mga samahang pangkabataan?

### *1.2 Hypothesis*

Ang sumusunod na null hypothesis ay sinuri gamit ang 0.05 level of significance.

- Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawang pagbasa ang edad ng mga mag-aaral.
- Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawang pagbasa ang kasarian ng mga mag-aaral.
- Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawang pagbasa ang relihiyon na pinaniniwalaan ng mga mag-aaral.

## 2. Metodolohiya

**Disenyo ng Pag-aaral** - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong sequential explanatory ng lapit mixed methods—dahil ang pag-aaral ng comprehensibility o antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral ay hindi mahusay na mapag-aaralan gamit lamang ang mga numerikal na datos lalo pa at ang mga artikulong sakop ng pananaliksik ay tungkol sa politika, at wala pa rin istandardisadong pagsusuri (standard testing) para sa wikang Filipino. Batay rin kina Nemoto at Beglar (2014) at Mele at Belardinelli (2018), mas mataas ang tiyansang maging mas katiwa-tiwala ang mga mabubuong interpretasyon at kongklusyon kung makapag-iimbestiga at makakakalap ng datos ang mga mananaliksik mula sa iba't ibang mga anggulo ng pagsusuri.

**Populasyon at Sampling** - Gaya sa pag-aaral nina Vergara at Ballesteros-Lintao (2020), Millar at Budgell (2019), Urban at Schweiger (2013), pumili ang mga mananaliksik ng dalawang (2) artikulo para sa pag-aaral na ito. Ang mga artikulong pinili ay nakasulat sa Filipino at tungkol sa halalan sa Pilipinas noong 2022. Isang balita ang nanggaling sa AsinBolo habang ang isa naman ay nanggaling sa ExplainedPH. Sa pagpili ng mga balita, tiniyak ng mga mananaliksik na walang pagkiling ang mga balita, mapagkakatiwalaan ang sanggunian, at dalawang daan (200) hanggang tatlong daang (300) salita lamang ang nilalaman ng bawat isa. Ginamit naman ang *convenience sampling* para sa pagpili ng mga artikulo o balita. Walumpung mag-aaral (80) ang naging kasangkot sa pag-aaral. Binuo ito ng dalawampung mag-aaral (20) sa bawat baitang mula sa ikasiyam na baitang hanggang sa ikalabindalawang baitang sa Philippine Science High School-Ilocos Region Campus sa panuruang taong 2021-2022. Ginamit ang *stratified random sampling*, kung saan ay hinati ang populasyon sa mas maliliit na pangkat batay sa mga karaniwang katangiang makikita sa bawat miyembro. Ginawa ito para may representasyon ang lahat ng pangkat sa populasyon. Nagbigay-daan din ito sa paghahambing ng mga datos sa bawat baitang (Acharya et al., 2013).

**Instrumento ng Pag-aaral** - Gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan gamit ang *Google Forms*. Gaya ng ginawa nila Mujiyanto (2016) at Millar at Budgell (2019), ang talatanungan ay naglalaman ng dalawampu't dalawang (22) pahayag patungkol sa antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral na sasagutin gamit ang 5-point na iskalang Likert. Hinati ang mga tanong sa apat na bahagi: para sa pamagat ng balita, pamatnubay o lead, katawan, at kongklusyon. Sa bawat bahagi, may mga tanong tungkol sa kalaliman ng mga salitang ginamit at kahabaan ng mga salita. May mga tanong din tungkol sa pagkakagamit ng balarila o gramatika at kadalian ng pagkuha sa mga ideya sa balita dahil ang mga salik na ito ay maaaring makaapekto sa antas ng pag-unawang pagbasa (Mujiyanto, 2016; Fosu 2016; Ay at Dogan, 2021). Ginamit ang Likert-Scale Questionnaire na may iskalang isa hanggang lima dahil ang populasyon ay walumpu (80) lamang at magiging mainam ang mga datos mula sa ganitong istilo ng sarbey sa pagsasagawa ng pagsusuring estadistikal gaya ng isinagawa nina Joshi et al. (2015). May isang karagdagang tanong din sa huling bahagi kung saan inilahad ng mga kalahok ang mga karanasan nila sa pagbabasa ng mga balitang Filipino. Nangolekta ang mga mananaliksik ng mga pasalitang tugon upang hindi malimitahan ang kalayaan sa pagsagot ng mga kalahok sa mga numero gamit ang pakikipanayam. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga kagamitang estadistikal tulad ng mean at MANOVA upang suriin ang nakalap na datos. Thematic analysis naman ang ginamit para sa pagsusuri ng mga sagot ng mga respondante sa short response na tanong sa talatanungan at pakikipanayam.

**Paraan ng Pagsusuri ng Datos at Mga Etikal na Pamantayan** - Una, kumuha ang mga mananaliksik ng isang (1) balita na inilathala ng AsinBolo at isang (1) balita na inilathala ng ExplainedPH. Upang hindi masyadong mahaba ang makukuhang oras sa pagsagot ng talatanungan, tiniyak ng mga mananaliksik na dalawang daan (200) hanggang tatlong daang (300) salita lamang ang nilalaman ng mga balita. Pagkatapos, nagpadala ng liham ang mga mananaliksik sa AsinBolo at Explained PH upang humingi ng pahintulot para magamit ang mga napiling balita sa pag-aaral na ito. Sumunod rito, gumawa ang mga mananaliksik ng consent form alinsunod sa pamantayang etikal at talatanungan gamit ang *Google Forms* na naglalaman ng mga Likert-scale at mga tanong tungkol sa antas ng pag-unawang pagbasa. Nakalagay sa Talahanayan 1 ang interpretasyon sa mga Likert-scale.

## Talahanayan 1

*Batayang talahanayan para sa mga mean-focused na presentasyon ng mga datos.*

Tugon	Range	Interpretasyon	Kahulugan
1	1.00-1.80	LDN	Lubos na 'di naunawaan
2	1.90-2.60	DN	Di naunawaan
3	2.70-3.40	N	Neutral
4	3.50-4.20	NU	Naunawaan
5	4.30-5.00	LN	Lubos na naunawaan

Naglagay rin ang mga mananaliksik ng isang short response na tanong upang maipaliwanag ng mga napiling kalahok ang kanilang karanasan sa pagbabasa ng mga artikulong nasa wikang Filipino. Pasumalang pinili ang dalawampung (20) kalahok sa bawat baitang mula sa ika-9 hanggang sa ika-12 na baitang upang maiwasan ang pagkiling at makabuo ng estadistikal na hinuha mula sa isang populasyon (Aloe & Reeger, 2019). Pagkatapos, ipinadala sa email at Messenger accounts ng mga napiling kalahok ang talatanungan at consent form. Katulad ng pag-aaral nina Brunette et al. (2019), ang pananaliksik na ito ay gumamit ng tabular analysis upang ilarawan at suriin ang mga datos na nakalap mula sa talatanungan. Nagkaroon din ng pakikipanayam sa mga piling kasangkot para matukoy ang kaisahan ng mga ideang nakalap mula sa talatanungan.

Panghuli, nilagom ang mga sagot sa mga short response questions at mga transkripsiyon at ginamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga karanasan ng mga kalahok at matiyak ang mga sanhing humahadlang at nagpapadali sa pag-intindi at pag-unawa ng mga artikulo na nakasulat sa wikang Filipino. Sinigurado ng mga mananaliksik na ang nakuhang mga datos mula sa mga respondante ay nanatiling kumpidensyal at tanging ang mga mananaliksik lamang ang makakakita sa mga sagot ng mga respondante.

## 3. Resulta at Diskusyon

### 3.1 Pagkakakilanlan ng mga Samahang Pangkabataan

Ang Explained PH ay isang nasyonal na samahang pangkabataan na sinimulan noong ika-27 ng Abril, 2020 kung saan ang mga miyembro nito ay mga *campus journalists*. Nakatuon ang Explained PH sa walang kinikilingang pag-uulat at pamamahayag mula sa mausisa at malalim na pananaliksik na mauunawaan ng karaniwang mambabasa. Kasali rin sa mga pangunahing layunin ng Explained PH ay ang paglaban sa *misinformation* at ang pagbigay ng tulong sa mga paksang kulang sa kaalaman ang publiko.

Ang AsinBolo naman ay ang opisyal na pahayagan ng Pangasinan Youth for Disaster Risk Reduction and Management (PYDRRM) na itinatag noong ika-16 ng Hunyo, 2020. Tungkulin ng samahang ito ang magbigay ng pangmatagalan, makatotohanan, wasto, at walang kinikilingang impormasyon para sa mga mamamayan ng Pangasinan. Kaya naman, karamihan din sa mga artikulo o balitang inilalathala ng AsinBolo ay tungkol sa iba't ibang kaganapan sa probinsiya ng Pangasinan. Gayunpaman, mayroon pa rin silang mga balita tungkol sa mga nasyonal na pangyayari at bukas sa publiko ang mga inilalathala nilang balita.

Ang Explained PH at AsinBolo ay parehong naglalathala ng mga artikulo sa Ingles at Filipino. Sa ilalim ng kanilang pagsusulat ay ang panghihikayat sa mga kabataang palawakin ang kanilang kakayahan at palakasin ang kanilang boses. Simula noong 2021, naglalathala ng mga artikulo at nagbabahagi ng mga balita galing sa ibang *news website* ang Explained PH at AsinBolo tungkol sa halalan noong Mayo 2022. Makikita rin sa *Facebook page* ng Explained PH at AsinBolo na nakikipag-ugnayan sila sa iba pang mga samahang pangkabataan na kapareho ng kanilang layunin. Ang mga impormasyon na ito ay sumasang-ayon sa mga pag-aaral nina Ibardezo et al. (2022), Clarke et al. (2015), at Cumsille et al., (2015) na kung saan ay may mga mag-aaral na nakikibahagi sa mga politikal na gawain sa pamamagitan ng pagsulat ng mga artikulo tungkol sa politika.

### 3.2 *Balitang Politikang na Inilathala ng Explained PH*

Kasama sa mga isinusulat na balitang politikal ng Explained PH ay ang mga paksa tungkol sa mga kandidato para sa pagka-presidente, ang kanilang plataporma, at iba pang mga isyung kinasangkutan nila. Noong ika-14 ng Pebrero 2022, inilathala ng Explained PH ang balitang pinamagatang “Isko Moreno sa mga botante: Kung pagod na sa pula at pink, nandito po ako” sa kanilang website na naglalaman ng dalawang daan at dalawampu’t anim (226) na salita. Gumamit ang awtor ng panipi sa pamagat at sa pamatnubay, kung saan ang kulay na pula ay ginamit bilang simbolismo sa mga Marcos at ang dilaw at pink ay simbolismo kay Leni Robredo. Gaya ng ginawa sa pamagat at pamatnubay, inilathad sa katawan ng balita ang panawagan ni Isko Moreno gamit ang mga direkta at hindi direktang panipi. Ang mga paniping ito ay ang nagsilbing sanggunian o ebidensiya sa mga idea. Sa modelo ni Bell (1991), ang mga paniping ito ay ang attribution. Inilathad din sa balita ang mga rason ni Moreno kung bakit dapat siya ang suportahan at hindi si Robredo o si Marcos, ang dalawang kandidato na madalas pinag-uusapan sa social media. Makikita rin na ang mga ideang nakalahad sa isang pangungusap ay mas ipinapaliwanag ng mga susunod na pangungusap at iniugnay ang bawat ideya at pangungusap sa bawat talata gamit ang mga pang-ugnay. Bilang halimbawa, nakalagay sa ibaba ang isang panipi sa balita ni Pacariem (2022):

Ayon sa kaniya, ang layunin lamang nina Vice-President Leni Robredo at presidential aspirant Bongbong Marcos ay ang gantihan ang isa’t isa, kung kaya’t talagang nararapat na siya ang suportahan ng mga tao.

*Dagdag pa niya, wala umano siyang masamang intensyon at nagsasabi lamang siya ng pawang katotohanan (paras. 4-5).*

Sa pagtatapos, inilathad naman ang mga problemang pagtutuong pansin ni Moreno upang kumbinsihin ang mga botante na piliin siya sa halalan. Ang ganitong pagtatapos ay tinatawag na circle kicker (Rich, 2010) kung saan binalikan ng awtor ang pangunahing ideya sa pamatnubay. Sa kabuoan, sinusundan ng balitang ito ang naratibong estruktura ngunit mayroon pa ring pamagat, pamatnubay, attribution, at ang paglalahad ng mga pangyayari na naging mahahalagang bahagi sa isang balita (Bell, 1991). Sa naratibong estruktura, inilathad na parang isang kuwento ang isang balita, kung saan kronolohikal ang pagkakalahad ng mga pangyayari (Kleemanns et al., 2018).

### 3.3 *Balitang Politikang na Inilathala ng AsinBolo*

Bilang opisyal na pahayagan ng PYDRRM, isa sa mga balitang inilathala naman ng AsinBolo ay pinamagatang “Mga Tatakpong Bilang Alkalde at Bise-Alkalde sa mga Bayan ng Ikalimang Distrito ng Pangasinan, Naghain ng Kanilang Kandidatura”. Ang balitang ito ay inilathala sa kanilang *Facebook page* noong ika-20 ng Nobyembre, 2021, at naglalaman ng dalawang daan at apatnapu’t anim (246) na salita. Gaya ng karamihan sa mga balita, simple lamang ang mga salitang ginamit sa pamagat. Hindi ginawang isang buong pangungusap ang pamagat upang mas madali itong mapansin at hindi maging masyadong mahaba (Montejo & Adriano, 2018; Agu, 2015). Nakalagay rin sa unahan ang pangalan ng sumulat ng balita. Ngunit, walang makikitang pamatnubay sa balita dahil dumiretso agad ito sa paglalahad ng mga kumandidato para sa alkalde at bise alkalde. Alpabetikal ang paglalahad ng mga bayan. Sa bawat bayan, mas naunang inilathad ang mga kumandidato para sa alkalde at sumunod rito ang mga kumandidato para sa bise alkalde. Nakalagay rin sa balita ang kinabibilangang party list ng bawat kandidato ngunit pinaikli ang mga nakasulat na party list. Ang mga pinaikling party list ay nakaapekto sa antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mambabasa dahil hindi lahat ng tao ay pamilyar sa mga iba’t ibang party list sa Pilipinas. Nakalagay sa ibaba ang isang halimbawang panipi galing sa balita ni Niñalga (2021):

*Sa bayan naman ng Binalonan, naghain sina Boado, Eduardo (KBL), Caburnay, Josie (PROMDI), Gotoc, Ryan (PDPLBN) at Guico, Ramon Ronald IV (LAKAS) ng COC o certificate of candidacy sa pagka-alkalde, habang sina Balangue, Bryan Louie (LAKAS), Bautista, Noel*

(*PROMDI*), at *Gotoc, Bryan (PDPLBN)* naman sa *pagiging bise alkalde (para 3)*.

Hindi rin binanggit kung kailan naghain ang mga kumandidato ng kanilang pagkakandidatura. Nakalagay naman sa bandang huli ang nagwasto ng balita bago ito inilathala, ang gumawa ng *publication material* na kasama sa balita noong inilathala ito sa *Facebook page* ng AsinBolo, at ang sanggunian. Sinundan ng balitang ito ang *inverted pyramid* na estruktura, isang karaniwang pagkakaayos ng mga balita kung saan sinasagot ang tanong na sino, ano, at saan. Gaya ng balita ng Explained PH, mayroon din sa balitang ito ang mga mahahalagang bahagi ng isang balita ayon kay Bell (1991) na ang pamagat, pamatnubay, *attribution*, at paglalahad ng mga pangyayari. Mapapansin din na biglang nagtapos ang balita. Ang ganitong klaseng pagtatapos ay karaniwan sa mga balitang sumusunod sa *inverted pyramid* na estruktura kung saan ay bigla na lamang nagtatapos ang isang balita kung wala nang karagdagang impormasyon (Norambuena et al, 2020; Kadhum, 2017).

### 3.4 Demograpikong Pagkakakilanlan ng mga Respondante

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang demograpikong pagkakakilanlan ng mga piling mag-aaral sa Philippine Science High School-Ilocos Region Campus sa panuruang taong 2021-2022 batay sa kasarian.

#### Talahanayan 2

*Demograpikong pagkakakilanlan ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian*

Kasarian	Bilang ng mga Respondante	Bahagdan
Babae	42	52.50%
Lalaki	35	43.75%
Mas gustong hindi sabihin	3	3.750%

Ang mga babae ang nangunguna na may kabuoang bilang na apatnapu't dalawa (42) na may katumbas na 52.50%. Ang mga lalaki naman ay may kabuoang bilang na tatlungpu't lima (35) at may katumbas na 43.75%. Ipinapakita rito na mas malaki ang bahagdan ng mga babaeng respondante kumpara sa lalaking respondante sa paaralan. Sa Talahanayan 3 naman makikita ang demograpikong pagkakakilanlan ng mga respondante batay sa edad.

#### Talahanayan 3

*Demograpikong pagkakakilanlan ng mga Mag-aaral sa Edad*

Edad	Bilang ng mga Respondante	Bahagdan
14	14	17.50%
15	12	15.00%
16	20	25.00%
17	17	21.25%
18	17	21.25%

Batay sa Talahanayan 3, nangunguna sa ranggo ang mga mag-aaral na labing-anim (16) na taong gulang na may kabuoang bilang na 20 at may katumbas na 25.00%. Pumapangalawa naman ang mga mag-aaral na may edad labing pito (17) at labing-walo (18) na parehas na nakakuha ng bilang na 17 o 21.25%. Nasa ikatlong ranggo naman ang mga mag-aaral na may edad na labing-apat (14) na binubuo ng 14 katao at may katumbas na 17.50%. Nasa huling ranggo naman ang mga mag-aaral na may edad na labinlima (15) na may kabuoang bilang na labindalawa (12) at may katumbas na 15.00%. Ang mean age na nakuha mula sa walompung (80) respondante ay 16.14. Sinasalamin lamang nito na karamihan sa mga respondante mula sa paaralan ay mga menor de edad.

**Talahanayan 4***Demograpikong pagkakakilanlan ng mga Mag-aaral batay sa Relihiyon*

Relihiyon	Frequency	Bahagdan
Aglipayan	3	3.75%
Baptist	3	3.75%
Born Again	10	12.50%
Church of Christ	1	1.25%
Christian	3	3.75%
Evangelical Christian	1	1.25%
Iglesia ni Cristo	1	1.25%
Protestante	2	2.50%
Katoliko	55	68.75%
Wala	1	1.25%

Ipinapakita ng Talahanayan 4 na karamihan sa mga respondante ay kasapi ng simbahang Katoliko na may bilang na 55 o katumbas ng 68.75% ng kabuoan. Pumapangalawa ang mga Born Again Christian na may bilang na 10 o katumbas 12.50%. Mayroon namang tig-tatlong mag-aaral o katumbas ng 3.75% na naggaling sa mga relihiyong Baptist, Iglesia Filipina Independiente (mas kilala bilang Aglipayano), at Christian. Dalawa o katumbas ng 2.50% ang naggaling sa relihiyong Protestante. Samantala, mayroon namang tig-isa na katumbas ng 1.25% bawat isa ang naggaling sa mga relihiyong Church of Jesus Christ of Latter-Day Saints (mas kilala rin bilang Mormons), Evangelical Christian, at Iglesia ni Cristo. Isa naman o katumbas ng 1.25% ang nagsabing wala siyang kinabibilangang relihiyon.

**3.5 Antas ng Pag-unawang Pagbasa ng mga Mag-aaral**

Upang malaman ang antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral, kinuha ang mean sa bawat aytem at kinuha naman ang kabuoang mean sa bawat bahagi. Nakabuod sa Talahanayan 5 ang mga mean ng mga antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 5***Antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral sa unang balitang*

Bahagi	G9	Kahulugan	G10	Kahulugan	G11	Kahulugan	G12	Kahulugan
Pamagat	4.36	LN	4.14	NU	4.49	LN	4.33	LN
Pamatnubay	4.21	LN	4.16	NU	4.51	LN	4.23	LN
Katawan	4.44	LN	4.11	NU	4.45	LN	4.34	LN
Kongklusyon	4.50	LN	3.85	NU	4.46	LN	3.98	LN

*Legend:* 1.00-1.80 Lubos na 'di naunwaan (LDN), 1.90-2.60 Di naunawaan (DN), 2.70-3.40 Neutral (N), 3.50-4.20 Naunawaan (NU), and 4.30-5.00 Lubos na naunawaan (LN).

**Talahanayan 6***Antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral sa pangalawang balitang*

Bahagi	G9	Kahulugan	G10	Kahulugan	G11	Kahulugan	G12	Kahulugan
Pamagat	4.56	LN	4.41	LN	4.56	LN	4.70	LN
Pamatnubay	4.63	LN	4.51	LN	4.54	LN	4.73	LN
Katawan	4.51	LN	4.56	LN	4.58	LN	4.66	LN
Kongklusyon	4.61	LN	4.58	LN	4.56	LN	4.40	LN

*Legend:* 1.00-1.80 Lubos na 'di naunwaan (LDN), 1.90-2.60 Di naunawaan (DN), 2.70-3.40 Neutral (N), 3.50-4.20 Naunawaan (NU), and 4.30-5.00 Lubos na naunawaan (LN).

Makikita sa Talahanayan 5 at Talahanayan 6 na naunawaan ng mga mambabasa ang mga balita dahil ang interpretasyon ng mga kabuoang *mean* sa bawat bahagi ng mga balita ay “Lubos na Naunawaan” at “Naunawaan”. Buhat sa resultang ito, masasabi na mahalaga na may pamagat, pamatnubay, katawan, at kongklusyon ang isang balita upang maunawaan ng mambabasa ang buong balita. Ito ay dahil nakalagay sa



pamagat at pamatnubay ang mga mahahalagang idea tungkol sa balita, nakalahad sa katawan ang mga pangyayari at mga sanggunian (Bell, 1990), at sinasara o binubuod ang buong balita sa kongklusyon (Rich, 2010; Saleh, 2013). Ang resultang ito ay sumasang-ayon din sa nakuha nina Naderi at Fazilatfar (2020) kung saan natuklasan din nila na nakatulong sa mambabasa na intindiin ang buong balita kung naunawaan nila ang iba't ibang bahagi ng balita. Dagdag pa rito, masasabing nakamit ng Explained PH at AsinBolo sa mga balitang ito ang kanilang hangarin bilang mga samahang pangkabataan na naglalayong magbigay ng impormasyong madaling maintindihan ng mga Pilipino.

### 3.6 Makabuluhang ugnayan ng antas ng pag-unawang pagbasa at demograpiko ng mga mag-aaral

Makikita sa talahanayan 7 na ang nakuhang p-value sa unang balitang may pamagat na, “Mga Tatakbong Bilang Alkalde at Bise-Alkalde sa mga Bayan ng Ikalimang Distrito ng Pangasinan, Naghain ng Kanilang Kandidatura,” ay mas malaki kaysa sa level of significance ( $\alpha = 0.05$ ), kaya ang desisyon ay do not reject ang null hypothesis sa mga demograpikong kasarian at baitang at ito ay walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral. Para sa relihiyon, ang nakuhang p-value ay mas mababa kaysa sa level of significance ( $\alpha = 0.05$ ), kaya ang desisyon ay reject ang null hypothesis at masasabing ang relihiyon ay may makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral.

#### Talahanayan 7

*Makabuluhang ugnayan ng antas ng pag-unawang pagbasa at demograpiko ng mga mag-aaral*

	Kasarian	Edad	Relihiyon
Lambda	0.356	0.170	0.006
F (Observed values)	1.322	1.587	1.405
DF1	44	66	220
DF2	86	129	417
F (Critical value)	1.518	1.408	1.210
p-value	0.161	0.190	0.001
Desisyon	Do not reject the null hypothesis	Do not reject the null hypothesis	Reject the null hypothesis
Interpretasyon	Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa	Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa	May makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa

Makikita naman sa talahanayan 8 ang makabuluhang antas ng pag-unawang pagbasa at demograpikong pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa pangalawang balita na may pamagat na, “Isko Moreno sa mga botante: Kung pagod na sa pula at pink, nandito po ako”

#### Talahanayan 8

*Makabuluhang ugnayan ng antas ng pag-unawang pagbasa at demograpiko ng mga mag-aaral*

	Kasarian	Edad	Relihiyon
Lambda	0.638	0.364	0.064
F (Observed values)	1.472	1.008	0.739
DF1	22	66	220
DF2	57	165	462
F (Critical value)	1.732	1.386	1.206
p-value	0.122	0.472	0.995
Desisyon	Do not reject the null hypothesis	Do not reject the null hypothesis	Do not reject the null hypothesis
Interpretasyon	Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa	Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa	Walang makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa

Dahil ang nakuhang p-value para sa kasarian, baitang, at relihiyon ay mas malaki kaysa sa level of significance ( $\alpha = 0.05$ ), ang desisyon ay do not reject ang null hypothesis at masasabing walang makabuluhang epekto ang mga ito sa antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral. Makikita sa Talahanayan 7 at 8 na walang makabuluhang epekto ang kasarian sa antas ng pag-unawang pagbasa ng mga mag-aaral sa dalawang balita. Ang resultang ito ay sumasang-ayon sa pananaliksik nina Asgarabadi et al. (2015). Batay sa kanilang mga

resulta, walang makabuluhang pagkakaiba ang komprehensyon sa pagbabasa ng mga pasaysay at deskriptibong uri ng teksto ang mga babae at lalaking mag-aaral. Natukoy nilang maaaring dahilan ang edad ng mga kalahok sapagkat habang tumatanda ang isang tao, nababawasan ang pagkakaiba sa intelektuwal at sikolohikal na lebel sa mga babae at lalaki. Ayon din kina Oda at Abdul-Kadhim (2018), ang posibleng sanhi ng kakulangan ng pagkakaiba sa komprehensyon ng bawat kasarian ay ang nilalaman ng teksto. Mas lalong walang pagkakaiba sa komprehensyon ng mga grupo ng kasarian kung ang binabasa ay tungkol sa kasaysayan at balita, na may kaugnayan sa tekstong ginamit sa kasalukuyang pag-aaral. Bagama't may mga pananaliksik na nagsasabing walang epekto ang kasarian sa pag-intindi ng binabasa, marami rin ang hindi sumasang-ayon dito. Ito ay dahil mas may kahigitan ang mga babae sa komprehensyon ng binabasa kaysa sa mga lalaki (Ngongare et al., 2021).

Dagdag nito, mas maraming estratehiya ang ginagamit ng mga babae sa pagbabasa kaya't kaunti lamang ang kahirapan nila sa pag-intindi nito at mataas ang pagganyak nilang magbasa kaysa sa mga lalaki (Lin, 2010). Ang mga pagkakasalungatan sa mga resulta ng epekto ng kasarian sa komprehensyon ay maaaring dahil sa hindi pagsasaalang-alang sa pagkakaiba ng mga wika at ng tahimik at oral na pagbabasa. Sa pag-aaral nila Miñoza at Montero (2019), walang epekto ang kasarian sa komprehensyon sa tahimik na pagbasa ng mga teksto subalit nagkakaroon ng epekto ang kasarian kapag binabasa na itong pasayita. Sumusuporta rito ang konseptong mas sensitibo ang mga babae sa emosyon kaya't mas naiintindihan nila ang artikulong idinidiktang may atensyon sa tono. Katulad ng resulta na ipinapakita ng Talahanayan 7 at 8, natuklasan din nila Diaz at Rossi (2016) sa kanilang pag-aaral tungkol sa pangkalahatang kasanayan at pagbabasa na hindi nakabatay ang mga ito sa mga salik na antas ng katalinuhan at edad ng mga respondante.

Ipinapakita rin ng nakuhang datos na sa pangkalahatan, direktang kaakibat ng edad ang baitang kaya't isinasaad ng mga nakaraang pag-aaral na walang makabuluhang epekto ang edad ng mga mag-aaral mula sa Philippine Science High School-Ilocos Region Campus sa antas ng komprehensyon. Maliban dito, mahalaga ring isaalang-alang ang pagkakaiba ng mga istilo ng pagtuturo sa bawat baitang. Kaugnay nito, natuklasan din ng isang pananaliksik na hindi gaanong nakaaapekto ang pagkakaiba ng pagtuturo sa kasanayan ng mga mag-aaral, at hindi rin nabanggit ng mga kalahok sa talatanungan kung natutuhan nila ang malalim na pag-unawa sa kanilang mga binasang balita. Nakasaad din sa nakalap na datos ng pag-aaral na ang kabuoang bilang ng klase, oras, at linggo ng kanilang pagdalo ay hindi kabilang sa mga moderators of effect.

### 3.7 Mga Salik na nakaaapekto sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral

Sinuri ng mga mananaliksik ang mga sagot ng mga respondante sa open ended na tanong sa talatanungan at mga transkripsiyon sa pakikipanayam upang malaman ang mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga balitang politikal na nakasulat sa Filipino. Nakabuod sa Talahanayan 9 ang mga salik na nabuo sa pamamagitan ng mga tema at mga piling pahayag ng mga respondante.

#### Talahanayan 9

##### *Mga Salik na Nakaaapekto sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa ng mga Balitang Politikal*

Tema	Mga Piling Pahayag
Kalaliman ng mga Salita	<p>“Mas madali intindihin ang balitang politikal dahil sa mga salitang nagamit.”</p> <p>“Kaya ang dalawang balita ay madaling maintindihan sapagkat walang mga malalalim na salitang ginamit”</p> <p>“Ako ay nahirapan ng konti sa pag-unawa sa mga artikulo dahil ang mga salita ay malalim”</p> <p>“May mga salitang hindi alam o kaya hindi maintindihan ng mga mambabasa.”</p>
Pagkakaayos ng mga Idea	<p>“angkop na paggamit ng mga linking words”</p> <p>“Very straightforward and clear ang pagkakasabi ng mga nais sabihin.”</p> <p>“magulo at di pormal”</p> <p>“Minsan ang daming pasikot-sikot na ideyang sinasabi”</p>

Kasanayan sa pagbabasa gamit ang wikang Filipino	<p>“Sa tingin ko ang nagpapadali sa pag-intindi mo ng mga artikulo na nakasulat sa wikang Filipino ay dahil ito na ang nakasanayan kong wika.”</p> <p>“Hindi ako masiyadong sana’y sa pagbabasa ng mga balita sa wikang Filipino”</p> <p>“Mas sanay akong magbasa ng balita sa Ingles”</p>
Kahabaan ng mga Nilalaman	<p>“hindi masyadong mahahaba ang mga salita at pangungusap na ginamit”</p> <p>“Mas madaling intindihin ang mga artikulo kapag ‘less wordy’”</p> <p>“Isa sa tingin kong hadlang sa pagbabasa ng artikulo na nakasulat sa wikang Filipino ay ang sobrang pagkahaba ng artikulo”</p>
Kaalaman sa Politika	<p>“alam ko ang mga nangyayari sa lipunan ngayon”</p> <p>“hindi ako maalam sa mga politikal na balita”</p>
Paggamit ng <i>Context Clues</i>	<p>“Ang nagpapadali sa aking pag-intindi ng mga artikulo na nakasulat sa wikang Filipino ay ang ‘context clues’ nito.”</p>

Batay sa Talahanayan 9, ang kalaliman ng mga salita ang isa sa mga salik na nakaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga balitang politikal na nakasulat sa wikang Filipino. Naaayon naman ang resultang ito sa pag-aaral nina Tolochko et al. (2019) kung saan ang semantiks ng isang teksto ay nakaapekto sa pananaw ng isang mambabasa kung gaano kakumplikado ang isang teksto. Ito ay dahil madaling makita agad ng isang mambabasa ang mga malalim at payak na salita sa isang teksto. Upang maintindihan ang mga malalalim o hindi pamilyar na mga salita, may mga kalahok na nagsabing gumamit sila ng *context clues*, isang estratehiya kung saan inaalam ng isang mambabasa ang kahulugan ng isang salita batay sa naunawaan nila sa ibang bahagi ng teksto. Napatunayan naman ni Boonchum (2018) na mainam ang paggamit ng *context clues* upang maunawaan ang binabasa.

Makikita rin sa Talahanayan 9 na nakaapekto sa pag-unawa ng mga mambabasa ang pagkakaayos ng mga idea. Ito ay dahil makatutulong sa mambabasa na maintindihan ang sinasabi ng buong teksto kung konektado at maayos ang pagkakalahad ng mga idea (Friesen & Frid, 2021). Natuklasan din ng mga mananaliksik na nakaapekto sa antas ng pang-unawa ng mag-aaral ang wika kung saan nakasulat ang mga balita. May mga respondenteng nagsabing hindi sila sanay sa pagbabasa sa Filipino at/o mas sanay sila sa pagbabasa ng mga balita sa wikang Ingles. Ang pagkiling sa pagbabasa ng mga balitang Ingles ay maaaring dahil mas madalas na ginagamit ang wikang Ingles sa mga paaralan (Ricohermoso, 2019) at marami ang may gustong gumamit ng wikang Ingles sa bahay at komunidad (Somblingo & Alieto, 2019). Dagdag pa rito, binibigyang-diin din ng mga mas nakatatandang henerasyon sa mga mas nakababata ang matutuhan ang wikang Ingles dahil magagamit ito sa pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan (Dreisbach & Demeterio, 2021).

Isa pang salik na nakaapekto sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral ay ang kahabaan ng mga nilalaman. Gaya ng nakuhang resulta nina Brunato et al. (2018) at Kadayat at Eika (2020), mas mahirap intindihin at basahin ang balita kung mahaba ang nilalaman at mas madali namang intindihin at basahin ang balita kung maiksi ang mga nilalaman. Ito ay maaaring dahil mas maraming kailangang intindihin na idea at salita ang isang mahabang pangungusap o talata. Kung titingnan din ang mga readability formula tulad ng Flesch Reading Ease (FRE) at SMOG Index na ginamit nina Bansiong (2019), Zhang et al. (2019), Stricker et al. (2021) upang sukatin kung gaano kadalang basahin at intindihin ang isang teksto, nakadepende ang mga kagamitang ito sa haba ng mga salita at pangungusap, kung saan mas mahirap basahin at intindihin ang isang teksto kung mahahaba ang mga pangungusap at maraming pantig ang isang salita.

Panghuli, may mga nagsabi na nakaapekto ang kaalaman nila sa politika sa pag-unawa nila sa balita. May mga respondenteng nagsabing nakatulong ang kaalaman nila sa mga nangyayari sa bansa sa pag-intindi ng mga balitang politikal ngunit may mga nagsabi rin na ang kawalan ng kaalaman sa politika dahil hindi masyadong nanonood ng balita o nagbabasa ng mga artikulong politikal ay nagpahirap sa kanila na unawain ang ibinigay na balita. Ang mga resultang ito ay naaayon sa construction-integration theory ni Kintsch (1988), kung saan may kinalaman ang dating kaalaman ng isang mambabasa sa pang-unawa ng binabasang teksto. Maipapaliwanag din ang resultang ito gamit ang schema theory, kung saan ginagamit ng isang mambabasa ang kaniyang iskemata o

ang koleksyon ng mga karanasan at dating kaalaman upang maintindihan ang kaniyang binabasa (Rasakumaran & Patrick, 2019; Xue, 2019). Sa kabuoan, makikita sa Talahanayan 9 na hindi lamang ang estruktura ng teksto at mga katangian ng mga salita tulad ng haba at kalaliman ang nakaaapekto sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral, kundi pati ang wikang ginamit sa pagsulat ng mga balitang politikal at ang dating kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa politika.

#### 4. Kongklusyon

Ayon sa mga nakuhang datos sa pag-aaral na ito, pinatutunayan ng Explained PH at AsinBolo na ang mga kabataan ay nakikilahok sa mga pampolitikal na gawain sa pamamagitan ng pagsulat ng mga balitang politikal. Ang Explained PH at AsinBolo ay parehong may layuning maglatahala ng mga artikulo upang magbigay impormasyon tungkol sa iba't ibang pangyayari sa bansa. Batay sa resulta ng sarbey, karamihan sa mga mag-aaral ay babae at menor de edad. Pagdating sa relihiyon, karamihan sa mga mag-aaral ay katoliko ngunit marami ring ibang mga relihiyon tulad ng Born Again, Aglipayan, at Baptist. Kung titignan naman ang resulta ng talatanungan, masasabi na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga balitang politikal na nakasulat sa wikang Filipino. Natuklasan ding walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa kanilang edad at kasarian para sa dalawang balita. Ngunit, may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagbabasa sa iba't ibang relihiyon sa balita ng AsinBolo. Batay naman sa mga sagot ng mga respondante sa open response at pakikipanayam na tanong tungkol sa kanilang karanasan sa pagbabasa, natuklasan na may anim na salik na nakaaapekto sa antas ng komprehensyon sa pagbabasa ng mga balitang politikal na isinulat sa wikang Filipino: kalaliman ng mga salita, pagkakaayos ng mga idea, kasanayan sa pagbabasa sa wikang Filipino, kahabaan ng nilalaman, kaalaman sa politika, at ang paggamit ng context clues. Batay sa mga salik na ito, masasabi na hindi lamang ang mga katangiang pangwika tulad kalaliman ng mga salita at paglalalahad ng mga idea ang nakaaapekto sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral, kundi pati ang wika kung saan nakasulat ang isang balita at ang dating kaalaman ng mambabasa sa politika.

##### 4.1 Rekomendasyon

Buhat sa mga nakuhang resulta, maiging patibayin ng mga guro at paaralan ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga tekstong nasa wikang Filipino. Para sa mga ibang mananaliksik, maaaring imbestigahan kung may pagkakaiba ang antas ng komprehensiyon sa pagbabasa ng balitang nasa wikang Filipino at nasa wikang Ingles at tukuying kung ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga mambabasa upang unawain ang isang balitang may paksang politikal. Ang mga iba pang metodolohiya, tulad ng paggamit ng mga readability formula at paggawa ng pagsusulit tungkol sa nilalaman ng teksto, ay maaari ding gamitin upang malaman ang antas ng komprehensyon ng mga mambabasa. Magiging gabay rin ang pananaliksik na ito sa mga mamamahayag sa mga samahang pangkabataan at media company upang gawing mas madaling maunawaan ng mga inilalathala nilang balita.

#### 5. Sanggunian

- Acharya, A. S., Prakash, A., Saxena, P., & Nigam, A. (2013). Sampling: why and how of it? *Indian Journal of Medical Specialities*, 4(2). <https://doi.org/10.7713/ijms.2013.0032>
- Agu, I. E. (2015). A linguistic-stylistic analysis of newspaper reportage. *International Journal of Research in Humanities and Social Studies*, 2(8), 20-27.
- Alberto, M. (2018). The role of campus and local journalism in environmental awareness and initiatives. *International Journal of Current Research*, 10(12), 76358-76365. <https://doi.org/10.24941/ijcr.33551.12.2018>
- Aloe, A. M., & Reeger, A. (2019). Technically speaking: Why we use random sampling in reading research. *Iowa Reading Research Center*. <https://iowareadingresearch.org/blog/technically-speaking-random-sampling>
- Asgarabadi, Y., Rouhi, A., & Jafarigohar, M. (2015). Learners' gender, reading comprehension, and reading strategies in descriptive and narrative macro-genres. *Theory and Practice in Language Studies*, 5(12),

- 2557-2564. <https://doi.org/10.17507/tpls.0512.17>
- Ay, I. E., & Dogan, M. (2021). An evaluation of the comprehensibility levels of ophthalmology surgical consent forms. *Cureus*, 13(7). <https://doi.org/10.7759/cureus.16639>
- Bansiong, A. (2019). Readability, content, and mechanical feature analysis of selected commercial science textbooks intended for third grade Filipino learners. *Cogent Education*, 6(1). <https://doi.org/10.1080/2331186X.2019.1706395>
- Bell, A. (1991). *The language of news media*. Blackwell.
- Berg, K. Blignaut, A., & Wissing, G. (2016). Using readability, comprehensibility, and lexical coverage to evaluate the suitability of an introductory accountancy textbook to its readership. *Stellenbosch Papers in Linguistics*, 46, 155-179. <https://www.ajol.info/index.php/spl/article/view/151787>
- Brunato, D., De Mattei, L., Dell'Orletta, F., Iavarone, B., & Venturi, C. (2018). Is this sentence difficult? Do you agree? In *Proceedings of the 2018 Conference on Empirical Methods in Natural Language Processing*, pp. 2690-2699. <https://doi.org/10.18653/v1/D18-1289>
- Brunette, T., Cummiskey, C., Pouzevara, S., & Punjabi, M. (2019). Reading achievement in the Philippines: The role of language complexity. *RTI International*. [https://pdf.usaid.gov/pdf\\_docs/PA00XBQ4.pdf](https://pdf.usaid.gov/pdf_docs/PA00XBQ4.pdf)
- Boonchum, P. (2018). English reading efficiency of non-English-major students via context clues reading drills. *Journal of Development Community Research (Humanities and Social Sciences)*, 11(4). <https://doi.org/10.14456/jcdr-hs.2018.27>
- Clarke, A., Dougherty, I., & Ho, E. (2015). Youth-led social change: Topics, engagement types, organizational types, strategies, and impacts. *Futures*, 67, 52-62. <https://doi.org/10.1016/j.futures.2015.01.006>
- Cubillas, A. & Cubillas, T. (2021). Awareness and compliance with campus journalism of the public and private elementary schools: Basis for crafting a campus journalism implementation teachers' training model. *International Journal of Scientific and Research Publications*, 11(2), 11093.
- Cumsille, P., Loyola, L. I., & Martínez, M. L. (2015). Quality of participation in youth organizations: Relationships with identity and sense of sociopolitical control. *Youth & Society*, 49(7), 968-993. <https://doi.org/10.1177/0044118X15604341>
- Diaz, M.T. & Rossi, E. (2016). How aging and bilingualism influence language processing: theoretical and neural models. *Linguistic Approaches to Bilingualism*, 6(1-2), 9-42. <https://doi.org/10.1075/lab.14029.ros>
- Dreisbach, J. L., & Demeterio III, F. P. (2021). Language use and preference in the multilingual context of Davao City, Philippines. *Studies in English Language and Education*, 8(1), 313-327. <https://doi.org/10.24815/siele.v8i1.18454>
- Friesen, D., & Frid, B. (2021). Predictors of successful reading comprehension in bilingual adults: The role of reading strategies and language proficiency. *Languages*, 6(18). <https://doi.org/10.3390/languages6010018>
- Fosu, M. (2016). A linguistic description of the language of Ghanaian newspapers: Implications for the readability, comprehensibility, and information function of the Ghanaian press. *Ghana Journal of Linguistics*, 5(1). <http://dx.doi.org/10.4314/gjl.v5i1.62>
- Hagen, Å .M., Lervåg, A., Melby-Lervåg, M., & Rogde, K. The effect of linguistic comprehension instruction on generalized language and reading comprehension skills: A systematic review. *Campbell Systematic Reviews*. <https://doi.org/10.1002/cl2.1059>
- Ibardeloza, K. B., Badillo, L. T., Macatangay, J. H., Dela Cruz, K.R. & Malabanan, M. P. (2022). Students' exposure to social media and their radical involvement on the societal issues in the Philippines. *International Review of Social Sciences Research*, 2(1), 47-70.
- Joshi, A., Kale, S., Chandel, S., & Pal, D. (2015). Likert scale: Explored and explained. *British Journal of Applied Science & Technology*, 7(4), 396-403. <https://doi.org/10.9734/bjast/2015/14975>
- Kadayat, B. B., Eika, E. (2020). Impact of sentence length on the readability of web for screen reader users. In: Antona, M., Stephanidis, C. (Eds.), *Universal Access in Human-Computer Interaction. Design Approaches and Supporting Technologies. HCII 2020. Lecture Notes in Computer Science* (pp. 261-271). Springer, Cham. [https://doi.org/10.1007/978-3-030-49282-3\\_18](https://doi.org/10.1007/978-3-030-49282-3_18)

- Kadhum, S. F. (2017). Textual architecture of a selected hard news in English: A discourse analysis approach. *Arab World English Journal*, 8(1), 280-297. <https://doi.org/10.24093/awej/vol8no1.20>
- Kintsch, W. (1988). The role of knowledge in discourse comprehension: A construction-integration model. *Psychological Review*, 95(2), 163-182. <https://doi.org/10.1037/0033-295x.95.2.163>
- Kleemans, M., Schaap, G., & Suijkerbuijk, M. (2018). Getting youngsters hooked on news. *Journalism Studies*, 19(14), 2108-2125. <https://doi.org/10.1080/1461670X.2017.1324316>
- Lin, L. (2010). Senior high school students' reading comprehension of graded readers. *Journal of Language Teaching and Research*, 1(1), 20-28.
- Lucidi, F., Manganelli, S., & Alivernini, F. (2015). Italian adolescents' civic engagement and open classroom climate: The mediating role of self-efficacy. *Journal of Applied Developmental Psychology*, 41, 8-18. <https://doi.org/10.1016/j.appdev.2015.07.001>
- Marasigan, M. A., & Ballesteros-Lintao, R. (2020). Presentation and comprehensibility of public policies in online news articles. *International Journal of Law, Language & Discourse* 8(2), 35-56.
- Mendoza, G. A., & Panao, R. A. (2021). Does public approval shape news? Competing legitimacies and news headlines in the Philippines from Ramos to Aquino III. *International Journal of Asia Pacific Studies* 17(1), 29-55. <https://doi.org/10.21315/ijaps2021.17.1.2>
- Mele, V., & Belardinelli, P. (2018). Mixed methods in public administration research: Selecting, sequencing, and connecting. *Journal of Public Administration Research and Theory*, 29(2), 334-347. <https://doi.org/10.1093/jopart/muy046>
- Millar, N., & Budgell, B. S. (2019). The passive voice and comprehensibility of biomedical texts: An experimental study with 2 cohorts of chiropractic students. *The Journal of chiropractic education*, 33(1), 16-20. <https://doi.org/10.7899/JCE-17-22>
- Miñoza, M. & Montero, M. (2019). Reading comprehension level among intermediate learners. *Science International (Lahore)*, 31(3), 561-568.
- Montejo, G., & Adriano, T. (2018). A critical discourse analysis of headlines in online news portals. *Journal of Advances in Humanities and Social Sciences*, 4(2), 72-83. <https://doi.org/10.20474/jahss-4.2.2>
- Mujiyanto, Y. (2016). The comprehensibility of readable English texts and their back-translations. *International Journal of English Linguistics*, 6(2). <https://doi.org/10.5539/ijel.v6n2p21>
- Muthmainnah, Aeni, N., Galal, M., Varghese, K. J., Castillo, F. D., & Ghofur, A. (2021). The Students' Needs in Developing EFL Materials ICT Based. *Okara: Jurnal Bahasa Dan Sastra*, 15(2), 235-247. <https://doi.org/10.19105/ojbs.v15i2.4679>
- Naderi, S., & Fazilatfar, A. (2020). Newspaper reading comprehension development through vocabulary or structure instruction. *International Journal Online of Humanities*, 6(4). <https://doi.org/10.24113/ijohmn.v6i4.188>
- Neely, J. (2015). Building voices: Teens connect to their communities through youth journalism websites. *International Journal of Communication* 9(2015), 2306-2325.
- Nemoto, T., & Beglar, D. (2014). Developing Likert-scale questionnaires. In N. Sonda & A. Krause (Eds.), *JALT2013 Conference Proceedings*. Tokyo: JALT. [https://jalt-publications.org/sites/default/files/pdf-article/jalt2013\\_001.pdf](https://jalt-publications.org/sites/default/files/pdf-article/jalt2013_001.pdf)
- Newman, N., Fletcher, R., Schulz, A., Andi, S., Robertson, C., & Nielsen, R.K. (2021, June 23) Reuters Institute Digital News Report 2021. *Reuters Institute for the Study of Journalism*. [https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=3873260](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3873260)
- Ngongare, G., Samola, N. & Rettob, A. (2021). The influence of gender on reading comprehension. *Journal of English Language and Literature Teaching*, 5(2), 63-69.
- Norambuena, B., Horning, H., & Mitra, T. (2020). Evaluating the inverted pyramid structure through automatic 5W1H extraction and summarization. *Computational Journalism Symposium*. <https://par.nsf.gov/biblio/10168974>
- Niñalga, M. J. (2021, November 20). *Mga Tatakbong Bilang Alkalde at Bise-Alkalde sa mga Bayan ng Ikalimang Distrito ng Pangasinan, Naghain ng Kanilang Kandidatura [Status update]*. Facebook. <https://www.facebook.com/AsinBolo/posts/450415150054744>
-

- Oda, A. & Abdul-Kadhim, M. (2018). The relationship between gender and reading comprehension at college level. *Journal of Basrah Research the Humanities Sciences*, 42(6), 426-442.
- Puyat, J. H. (2005). *The Filipino youth today: Their strengths and the challenges they face*. Regional Unit for Social and Human Sciences in Asia and the Pacific.
- Rasakumaran, A., & Patrick, J. D. D. (2019). Schema theory and cognitive aspects of reading. *IOSR Journal of Humanities And Social Science*, 24(3), 26-30. <https://doi.org/10.9790/0837-2404032630>
- Ricohermoso, C., Abequibel, B., & Alieto, E. (2019). Attitude towards English and Filipino as correlates of cognition toward Mother Tongue: An Analysis among would-be language teachers. *Asian EFL Journal*, 26(1). <https://ssrn.com/abstract=3621577>
- Rich, C. (2010). *Writing and reporting news: A coaching method* (6th Ed.). Cengage Learning.
- Saleh, N. (2013). *The complete guide to article writing*. F&W Media International.
- Somblingo, R. A., & Alieto, E. O. (2019). English language attitude among Filipino prospective language teachers - An analysis through the mentalist theoretical lens. *Asian ESP Journal*, 15(2). <https://www.elejournals.com/asian-esp-journal/asian-esp-journal-volume-15-issue-2-october-2019/>
- Stricker, J., Chasiotis, A., Kerwer, M., & Günther, A. (2020). Scientific abstracts and plain language summaries in psychology: A comparison based on readability indices. *PLoS ONE*, 15(4). <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0231160>
- Tanaka, S., Jatowt, A., Kato, M., & Tanaka, K. (2013). Estimating content concreteness for finding comprehensible documents. *Proceedings of the sixth ACM international conference on Web search and data mining*, 473-484. <https://doi.org/10.1145/2433396.2433455>
- Ulla, M. (2021). Understanding the social media news consumption among Filipinos as transnational migrants in Thailand. *Asia-Pacific Social Science Review*, 21(1). <http://apssr.com/volume-21-no-1/understanding-the-social-media-news-consumption-among-filipinos-a-s-transnational-migrants-in-thailand/>
- Urban, J., & Schweiger, W. (2013). News quality from the recipients' perspective. *Journalism Studies*. <https://doi.org/10.1080/1461670X.2013.856670>
- Vergara, F., & Ballesteros-Lintao, R. (2020). War on drugs: The readability and comprehensibility of illegal drug awareness campaign brochures. *International Journal of Language and Literary Studies*, 2(4), 98-121. <http://doi.org/10.36892/ijlls.v2i4.412>
- Wharton, C., & Kinstch, W. (1991). An overview of the construction-integration model: A theory of comprehension as a foundation for a new cognitive architecture. *ACM SIGAR Bulletin*, 2(4), 169-173. <https://doi.org/10.1145/122344.122379>
- Xue, Y. (2019). The use of schema theory in the teaching of reading comprehension. *International Journal of Liberal Arts and Social Science*, 7(4), 58-63.
- Zhang, Y., Lin, N., & Jiang, S. (2019). A study on syntactic complexity and text readability of ASEAN English news. In *2019 International Conference on Asian Language Processing (IALP)*, pp. 313-318. <https://doi.org/10.1109/IALP48816.2019.9037695>

